Walang anuman na higit na mabigat sa timbangan ng mananampalataya sa Araw ng Pagbangon kaysa sa magandang kaasalan. Tunay na si Allāh ay namumuhi sa mahalay na bastos."}

Ayon kay Abu Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Walang anuman na higit na mabigat sa timbangan ng mananampalataya sa Araw ng Pagbangon kaysa sa magandang kaasalan. Tunay na si Allāh ay namumuhi sa mahalay na bastos."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud at Imām At-Tirmidhīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamabigat na nasa timbangan ng mananampalataya sa Araw ng Pagbangon kabilang sa mga ginagawa at mga sinasabi ay ang kagandahan ng kaasalan. Iyon ay sa pamamagitan ng kaaliwalasan ng mukha, pagpigil ng perhuwisyo, at pagkakaloob ng nakabubuti. Si Allāh (malugod si Allāh sa kanya) ay namumuhi sa pangit sa ginagawa ng tao at sinasabi nito at sa bastos sa binibigkas ng dila nito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5371